


Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

ARALING PANLIPUNAN II



MODYUL 5

MGA DAAN NG PANANAKOP



BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City



MODYUL 5

MGA DAAN NG PANANAKOP








Ano ang modyul na ito?

Maaaring nagtataka ka kung bakit maraming Europeong bansa ang nakasakop sa mga bansa sa Asya. Napakalayo ng Europa sa mga bansa sa Asya pero nakarating pa rin sila at nagsakop pa ng mga teritoryo. Ang pananakop na ito ay nagdulot ng maraming pagbabago sa buhay ng mga Asyano - mga mabuti at di-mabuting pagbabago. Isa-isahin natin ang mga pangyayaring naganap at nagbigay daan sa pagdating ng mga Europeo sa Asya.



May limang araling inihanda para sa iyo sa modyul na ito:

-  Aralin 1: Pakikipagsapalaran ni Marco Polo
-  Aralin 2: Mga Krusada
-  Aralin 3: Ang Pagbagsak ng Constatinople
-  Aralin 4: Ang Pagpapaligsahan ng mga Bansang Europeo sa Kapangyarihan
-  Aralin 5: Renaissance at Rebolusyong Komersyal



Mga inaasahang matututunan:

1. Matutukoy ang mga pangyayaring nagbigay-daan sa pagdating ng Europeo sa Asya;
2. Matatalakay ang mga kaganapang nagbigay-daan sa pagdating ng Europeo sa Asya; at
3. Masusuri ang epekto ng mga pangyayaring ito sa kalagayang pulitikal, kultural, at ekonomiko ng Asya.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.



PANIMULANG PAGSUSULIT

I. Panuto: Subukan mong sagutin ang mga katanungan upang malaman kung may ilang kaalaman ka na tungkol sa paksang ito. Isulat ang sagot sa puwang sa kaliwang bahagi.

- _____ 1. Kontinenting kinaroroonan ng sinaunang kabihasnang India at Tsina.
- _____ 2. Manlalakbay na taga Venetia na nagtagal sa kaharin ni Kublai Khan sa Tsina.
- _____ 3. Ekspedisyong militar sa inilunsad ng simbahang Kristiyano laban sa mga Muslim para mabawi ang Jerusalem.
- _____ 4. Ang bansa sa Europa sa nanguna sa paglalakbay noong 15 siglo.
- _____ 5. Ang Europeong bansa na unang nanakop sa Pilipinas.
- _____ 6. Ang kontinente kung saan matatagpuan ang Jerusalem.
- _____ 7. Motibo ng mga Ingles sa pagpunta sa India.
- _____ 8. Tawag sa bansang sakop.
- _____ 9. Ang salitang Pranses na ang ibig sabihan ay “muling pagsilang” at ito ay nagdulot ng pagbabago lalo na sa kilusang kultura.
- _____ 10. Ang Emperador ng Tsina nang si Marco Polo ay bumisita rito.

ARALIN 1

PAKIPAGSAPALARAN NI MARCO POLO



Ang nasa larawan ay si Marco Polo, isang mangangalakal na taga-Venitia sa bansang Italya. Sumama siyang naglakbay sa kanyang tatay at tiyuhin sa Silangan. Tumagal ng halos dalawampu't limang taon ang kanilang paglalakbay. Sa loob ng panahong ito, si Marco Polo ay napunta sa palasyo ni Emperador Kublai Khan na isang Mongol na siyang namumuno noon sa Tsina. Kinalugdan siya ni Kublai Khan at siya ay itinalagang maglakbay sa iba't ibang lugar sa Asya sa ngalan ng Emperador. Nakarating siya sa Tibet, Burma, Laos, Java, Japan, pati na sa Siberia. Ang mga nakita niyang magagandang kabihasnang sa mga bansang ito ng Asya lalo na sa Tsina ay ipinatala niya sa isang manunulat noong taong 1299. Ang aklat ay pinamagatang "Book of Marco Polo". Ang mga isinulat niyang kagandahan ng kabihasnang Asyano ang nagganyak sa mga adbenturerong Europeo na makipagsapalaran sa Asya.




Marco Polo



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Sino si Marco Polo? Magbigay ng ilang bagay na mapagkilanlan sa kanya.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Batay sa iyong nabasa, sinasabi na ang mga naitala ni Marco Polo ay nakapaghikayat sa ibang Europeo na maglakbay patungong Silangan. Ikaw ba ay nakapaglakbay din sa ibang lugar ng ating bansa? Kung ganoon, magsalarawan ng mga nakita mo sa lugar na pinuntahan mo na maaaring makahikayat din sa mga kaklase mo o kaibigan na pumunta sa lugar na iyon.



Tandaan Mo!

- Si Marco Polo ay taga Venitia na manlalakbay.
- Siya ay nakaabot sa Tsina at kinalugdan ng Emperador Kublai Khan.
- Nagsulat siya ng libro na nagsalarawan ng kagandahan ng Silangan.
- Ang nakaalam sa kanyang naisulat ay nahikayat na maglakbay rin papauntang Silangan.

ARALIN 2

MGA KRUSADA



Ang Krusada ay isang ekspedisyong militar na pinangunahan ng Simbahang Kristiyano laban sa mga Turkong Muslim para bawiin ang banal na lupang Herusalem.

Noong 1076, ang Herusalem ay inagaw ng mga Turkong Muslim sa Kristiyano. Pinagmalupitan ng mga Muslim ang mga Kristiyanong nananampalataya doon. Ang Imperyong Byzantino ay nanganib na masakop din ng mga Muslim kaya ang kanilang Emperador na si Alexus Comnemos ay humingi ng tulong kay Papa Urban II. Nagdeklara ng Banal na Digmaan ang Papa laban sa mga Muslim. Sa tulong ng mga haring Kristiyanong Europeo at mga maharlikang pinuno, nailunsad ang humigit kumulang na walong mahahalagang ekspedisyon sa loob ng labing-tatlong daang taon.

Ang unang krusada ay inilunsad noong 1096 na binuo na dalawang grupo sa pamumuno ng unang kabalyerong Pransya na si Walter the Penniless at Peter the Hermit. Kahit hindi masyadong organisado, nakarating din ang ilan sa Herusalem. Napasok nila ang Herusalem kung saan si Duke Godfrey de Bouillon ay naging gobernador at iba pang lupain ay hinati-hati nila.

Marami pang mga Krusada ang sumunod pero ang karamihan ay naging bigo lalo na yaong inilunsad nila Haring Louis VII ng Pransiya at Emperador Conrad III. Ang pinakamalungkot na bahagi ng krusadang ito ay ang Krusada ng mga Bata na pinamunuan ni Stephen noong 1212 na binuo ng mga 30,000 na bata na may gulang na labing-tatlong taon at yaong pinamumunuan ni Nicolas na binuo ng mga 20,000 na bata. Karamihan sa mga bata ay nagkasakit, ang iba ay namatay samantalang ang iba pa ay pinagbili bilang alipin.

Hindi man lubusang nagtagumpay ang krusadang ito, marami ring mabuting naidulot ito. Ang krusada ang nagpasigla ng kalakalan sa pagitan ng Europa at Asya noong ika-11 hanggang 13 siglo. Dahil sa ang Herusalem ay nasa kanlurang Asya, sa paglalakbay ng mga Europeong sumali sa Krusada nakilala nila ang mga produkto ng Silangan tulad ng pampalasa, mamahaling bato, pabango, sedang tela, porselana, prutas at iba pa na nakabighani sa mga Europeo. Naging masigla ang palitan ng

kalakalan kaya maraming Europeo ang nagkainteres na makarating dito sa Asya. Maraming Europeo ang naghanap ng mga ruta para makarating lang sa Asya. At ito din ang naging daan para magkainteres ang malalaking bansa sa Europa na sakupin ang ilang lugar o bansa sa Asya.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Ang nasa larawan sa ibaba ay isang mandirigma sa krusada. Magtala ng tatlong bagay na kapansin-pansin sa kanyang anyo at kasuotan.



1. _____

2. _____

3. _____



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Mayroong krusada na binuo ng mga kabanata. Sa gulang mong iyan, ikaw ba ay handing sumama rin sa krusada kung ikaw ay nabubuhay sa panahong iyon? Itala ang iyong kasagutan.

ARALIN 3


ANG PAGBAGSAK NG CONSTANTINOPE




Ang Constantinople ay ang Asyanong teritoryo na pinakamalapit sa Kontinente ng Europa. Ito ang nagsilbing rutang pangkalakalan mula Europa patungong India, Tsina at ibang bahagi ng Silangan.

Ito rin ang teritoryong madalas daanan noong panahon ng Krusada. Kung matatandaan natin ng lumakas ang Turkong Muslim at sinakop nga ang Herusalem, nanganib ang Constantinople na bumagsak din sa mga Turkong Muslim, kaya humingi ng tulong ang Emperador ng Constantinople para labanan ang mga Turkong Muslim at mabawi ang Herusalem. Sa loob ng panahon ng Krusada, napigil ang pagsalakay ng Muslim patungong Europa ngunit nang masakop ng Turkong Muslim ang Silangang Mediterranean ay lubusan na ring sinakop ang Constantinople noong 1453 at ang naging resulta ay ang ganap na pagkontrol ng mga Turkong Muslim sa mga ruta ng kalakalan mula sa Europa patungong Silangan. Dahil dito, napilitang maghanap ng bagong ruta ang mga mangangalakal na Europeo. Pinangunahan ng Portugal at Espanya ang paghahanap ng ruta. Maraming manlalayag na Portuges ang naglakbay ngunit ang pinakamahalaga sa lahat ay ang paglalakbay ni Vasco de Gama sapagkat nalibot niya ang "Cape of Good Hope" sa dulo ng Aprika na siyang magbubukas ng ruta patungong India at sa mga Islang Indies.

Tingnan ang nakalarawang ruta na tinahak ni Vasco de Gama.



Kung susundan natin ang takbo ng pangyayari para maiugnay ang pagbagsak ng Constantinople sa pagtuklas ng alternatibong ruta patungong Silangan, tingnan mo ang pagkakasunod-sunod ng mga naganap na pangyayari:




Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Magtala ng ng tatlong epekto na idinulot ng pagbagsak ng Constantinople.

1. _____

2. _____

3. _____



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Batay sa mapa na tinahak ni Vasco de Gama, ipaliwanag kung bakit sinasabing nakatulong ito ng malaki sa paglalakbay ng mga Europeo patungong India?



Tandaan Mo!

- Ang Constantinople ay Asyanong Teritoryo na malapit sa Europa.
- Ito ay nagsilbing rutang pangkalakalan sa pagitan ng Europa at Asya.
- Nang ito ay sakupin ng Muslim napilitan ang mga Europa na maghanap ng ruta na dumadaan sa Kanluran patungong Silangan.

ARALIN 4

ANG PAGPAPALIGSAHAN NG MGA BANSANG EUROPEO SA KAPANGYARIHAN



Kung noon ay Italya, lalo na ang Venetia ang nag-iisang nagkontrol sa rutang pangkalakalan patungong Silangan, ang pagtuklas ng alternatibong ruta na natuklasan ng mga Portuges ang nagbigay ng hamon sa iba pang bansang Europeo na maggalugad sa ibang panig ng daigdig. Nariyan ang Espanya, Pransiya, Ingletera, at Alemanya. Nagpaligsahan ang mga ito para tanghaling pinakamakapangyarihan na bansa sa mundo sa pamamagitan ng pagpapalawak ng mga lupain. Nanguna sa mga ito ang Portuges at Espanya na naging matindi ang pagpapaligsahan sa paggalugad sa mundo at pagsakop ng mga lupain. Sa matinding pagtutunggalian ng dalawang bansa ay namagitan ang Papa ng Simbahang Katoliko para maiwasan ang paghantong sa digmaan ng paligsahan ng mga ito. Taong 1494 ay nagtalaga ng “line of demarcation” o hangganan kung saang bahagi ng mundo maggalugad ang dalawang bansa. Ayon sa Tratadong Tordesillas, Portuges ay maggalugad sa bandang silangan samantalang ang Espanya ay sa bandang kanluran. Nang maipatupad ang desisyong ito ay nakapaglayag na ang Espanya sa bandang kanluran kung saan marami nang teritoryo sa kontinenting Amerika ang nasakop. Ang Portuges naman ay nakuha lang ang Brazil. Ganoon pa man, hinayaan na ng Espanya na manatili sa Portuges ang Brazil habang ang Pilipinas naman na nasa silangan na nasakop naman ng Espanya ay nanatili naman dito. Ang hindi naiwasan na digmaan ng Portuges at Espanya ay sa Moluccas. Ito ang pinakamimithi na lugar na pinagkukunan ng pamienta. Sa pamamagitan ng Tratadong Saragosa noong 1529, nakuha ng Portuges ang Moluccas. Maliban sa Moluccas ay nakakuha rin ito ng teritoyo sa India.

Maliban sa Espanya at Portuges, nakipagpaligsahan rin ang Inglatera. Sa pamamagitan ng Italyanong marinero na si John Cabot, napasailalim ng Inglatera ang Nova Scotia Canada. Nang matalo ng Inglatera ang Spanish Armada noong 1588 ibinuhos ng Inglatera ang kanyang atensiyon sa kalakalan. Sa pamamagitan ng East India Company, naitatag ng Inglatera ang sentro ng kalakalan sa India. Nakapagtatag rin ito ng permanenteng panirahan sa Hilagang Amerika. Sinundan ito ng pagsakop ng

Ceylon, Malaya, at Singapore pati na rin ang Australia, New Zealand, at mga pulo sa Hilagang Pasipiko.

Ang Pransiya naman ay nakakuha rin ng teritoryo sa Quebec, Canada. Nakuha rin nito ang Louisiana sa Amerika at sa Asya noong ika-18 siglo nasakop ng Pransiya ang Laos, Cochin China, Cambodia, at Annam. Ang mga teritoryong ito ang buong kolonyang French Indo-China.

Ang Olandya sa pamamagitan ng Dutch East India Company ay namahala rin sa isang bahagi ng India. Napasailalim ng Olandes ang East Indies (Indonesia sa kasalukuyan).




Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Magdikit ng mapa ng mundo o kaya ay gumuhit ka ng mapa ng mundo sa isang papel at ituro mo sa mapa sa pamamagitan ng pagguhit ang ruta o daan na dinaanan ni Magellan papuntang Pilipinas.

(Mapa ng mundo)

Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman



Gumagawa ng isang talahanayan at isulat ang sumusunod:

Bansang Europeo	Ang lugar na sinakop
1. _____	1. _____
2. _____	2. _____
3. _____	3. _____
4. _____	4. _____
5. _____	5. _____



Tandaan Mo!

- Italya ang nag-iisang nagkontrol sa rutang pangkalakalan patungong Silangan.
- Nang magsimulang maghanap ang Portuges ng alternatibong daan, sumunod ang iba pang bansa sa Europa tulad ng Espanya, Britanya, Pransiya at Orlandia.
- Nag paligsahan ang mga bansang Europeo sa pagsakop ng teritoryo sa Asya.
- Ito ang nagpasimula ng kolonyalismo.

ARALIN 5

RENAISSANCE AT ANG REBOLUSYONG KOMERSYAL




Ang Renaissance ay naging salik din sa pagdating ng mga Europeo sa Asya. Ang Renaissance ay salitang Pranses na ang ibig sabihin ay ay “muling pagsilang”. Ito ay naganap sa huling bahagi ng gitnang panahon at pagsulong ng makabagong panahon. Matatandaan natin na noong gitnang panahon ang Simbahang Kristiyano ang may malakas na impluwensiya sa tao. Nakasentro ang buhay ng tao sa relihiyon. Ngunit nang ang simbahan lalo na ang pinuno nito, mula Papa, mga Obispo at kaparian ay nasangkot sa imoral na gawain, pagpapayaman at pagmamalupit sa mga taong hindi karelihiyon, nagsimulang magkaroon ng pagbabago sa pananaw at saloobin ang mga tao hinggil sa katarungan, sariling kaunlaran at pulitika.

Ang pagbabago ay nagsimula sa kilusang pangkultura na nagsimula sa Italya noong 1350. Ang kilusan ay nakasentro sa pagpapanumbalik ng interes sa kultura ng Sinaunang Gresya at Roma kaya tinawag na “muling pagsilang”. Masasabing ang pangunahing interes ay labas sa saklaw ng relihiyon.

Sa panahon ng Renaissance ay natuon ang interes ng tao sa istilo at disenyo, sa pamahalaan, sa edukasyon, sa wastong pag-uugali at sa paggalang ng pagkatao ng isang indibidwal. Indibidwalismo ang binigyang pansin ng Renaissance kaya hindi nakapagtataka na maraming pagbabago ang naganap sa buhay ng tao. Ang malayang pag-iisip ng tao ang nagpalawak ng kanyang ideya at pananaw sa buhay kaya dito nagsimula ang pagbabago sa sining at agham. Nariyan din ang pagtuklas ng maraming bagay sa kapaligiran, pagkakaroon ng maraming imbensiyon na nagpalakas sa mga industriya at kalakalan, at ang pagkakaroon ng pagbabago sa pananaw sa relihiyon at pulitika.

Ang Renaissance ang siyang nagbukas ng daan sa pagbabago sa larangan ng kalakalan at negosyo kaya umusbong ang rebolusyong komersyal na nagdulot ng mga pagbabago sa gawang pang-ekonomiya.

Ang sumusunod na diagram ang makapagpapaliwanag kung paano ang Renaissance at Rebolusyong Komersyal ay naging salik sa pananakop.



Rebolusyong Komersyal	Nagdulot ng pagbabago sa mga gawaing pang-ekonomiya	<ul style="list-style-type: none"> • Pagtayo ng malalaking kompanya tulad ng East India at British Company • Pag-unlad ng kalakalan • Paghanap ng mga hilaw na sangkap at iba pang produkto • Napatunayan na ang Silangan ay mapagkukunan ng maraming hilaw na materyal
-----------------------	---	---



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Anu-ano ang mga pinagtuonan ng interes ng tao noong panahon ng Renaissance?



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Noong gitnang panahon, ang simbahang kristiyano ay may malakas na impluwensiya sa tao. Magbigay ng paliwanag kung bakit ang mga tao ay nagkaroon ng pagbabago sa pananaw at saloobin tungkol sa katarungan at pulitika.



MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO

Mga Pangyayaring Nagbigay-Daan sa Pagdating ng Europeo sa Asya

Mga Pangyayari	Resulta
1. Pakikipagsapalaran ni Marco Polo	◆ Nagganyak sa mga adbenturerong Europeo na makipagsapalaran sa Asya
2. Krusada	◆ Nagbigay ng pagkakataon sa mga Europeo na makapaglakbay sa Asya
3. Pagbagsak ng Constantinople	◆ Nagbigay-daan sa pagtuklas ng bagong rutang pangkalakalan
4. Pagpapaligsahan ng mga bansang Europeo sa kapangyarihan	◆ Nagbigay-daan sa pagtatag ng mga kolonya sa Asya
5. Renaissance at Rebolusyong Komersyal	◆ Nagbigay-daan sa paggising ng mga kamalayan ng tao sa daigdig at pag-unlad ng kabuhayan



PANGWAKAS NA PAGSUSULIT:

I. Panuto: Isulat sa patlang ang tamang kasasgutan.

- _____ 1. Ang manlalakbay na Europeo na nagtagal sa Tsina at nagsulat ng libro tugkol sa lugar na ito at ang librong iyon ang nakahikayat ng maraming Europeo na maglakbay rin sa Asya.
- _____ 2. Ang krusada na pinamunuan ni Stephen kung saan marami ang nagkasakit, ang iba ay namatay at ang iba pa ay ipinagbili bilang alipin.
- _____ 3. Ang Papang kritisyano na nagdeklara ng banal na digmaan laban sa Muslim para mabawi ang Jerusalem.
- _____ 4. Ang Asyanong teritoryo na pinakamalapit sa kontinente ng Europa na nagsilbing ruta ng kalakalan mula Europa patungong India.
- _____ 5. Ang pinakamimithing produkto ng mga Europa sa banding India.
- _____ 6. Ang daanan sa dulo ng Aprika na nayuklasan ni Vasco de Gama na siyang nagpadali ng paglalakbay ng Europeo patungong India.
- _____ 7. Ang Europeong bansa na nanguna sa paglalakbay para humanap ng rutang pangkanluran pagkatapos na bumagsak ang Constantinople.
- _____ 8. Ang tawag sa malakas na hukbong pandagat ng Espanya na tinalo ng Inglatera at ang pangyayaring iyon ang nagbigay daan para sa magkainteres ang Inglatera sa kalakalan sa India.
- _____ 9. Ang tawag sa kabuohang kolonya ng Pransiya na binubuo ng Laos, Cochin China, Cambodia at Annam.
- _____ 10. Ang dalawang Europeong bansa na mahigpit na magkatunggali sa paghahanap ng ruta patungong silangan.
- _____ 11. Ekspedisyong militar na inilunsad ng Simbahang Kristiyano laban sa mga Muslim para mabawi ang Jerusalem.
- _____ 12. Ang emperador ng Tsina na naging malapit sa taga-Venetia na manlalakbay ang salitang Pranses na ang ibig kahulugan ay “muling pagsilang”.
- _____ 13. Ang salitang Pranses na ang kahulugan ay “muling pagsilang”.

- _____ 14. Nabigo man ang krusada na mabawi ang Jerusalem may maganda ring naidulot ito sa larangan.
- _____ 15. Ang pangyayari sa kasaysayan kung saan ipinakita ng mga Kristiyano ng handa silang lumaban para sa pananampalataya.



GABAY SA PAGWAWASTO

PANIMULANG PAGSUSULIT

1. Asya
2. Marco Polo
3. Krusada
4. Portugal
5. Espanya
6. Asya
7. pangangalakal
8. kolonya
9. Renaissance
10. Kublai Khan

ARALIN 1 PAKIKIPAGSAPALARAN NI MARCO POLO

Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Ikonsulta ang iyong sagot sa iyong guro

Gawain 2: Pagpapalalim ng kaalaman

Ikonsulta ang iyong sagot sa iyong guro

ARALIN 2 MGA KRUSADA

Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Ikonsulta ang iyong sagot sa iyong guro

Gawain 2: Pagpapalalim ng kaalaman

Ikonsulta ang iyong sagot sa iyong guro

ARALIN 3 ANG PAGBAGSAK NG CONSTANTINOPLA

Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Ikonsulta ang iyong sagot sa iyong guro

Gawain 2: Pagpapalalim ng kaalaman

Ikonsulta ang iyong sagot sa iyong guro

**ARALIN : ANG PAGPAPALIGSAHAN NG MGA BANSANG EUROPEO SA
KAPANGYARIHAN**

Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Ikonsulta ang iyong sagot sa iyong guro

Gawain 2: Pagpapalalim ng kaalaman

Ikonsulta ang iyong sagot sa iyong guro

ARALIN 5: RENAISSANCE AT REBOLUSYONG KOMERSYAL

Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Ikonsulta ang iyong sagot sa iyong guro

Gawain 2: Pagpapalalim ng kaalaman

Ikonsulta ang iyong sagot sa iyong guro

PANGWAKAS NA PAGESUSULIT

- | | |
|------------------------|-------------------------|
| 1. Marco Polo | 10. Portugal at Espanya |
| 2. Krusada ng mga Bata | 11. krusada |
| 3. Papa Urban II | 12. Kublai Khan |
| 4. Constantinople | 13. Renaissance |
| 5. paminta o pampalasa | 14. kalakalan |
| 6. Cape of Goods Hope | 15. krusada |
| 7. Portugal | |
| 8. Spanish Armada | |
| 9. French o Indo-China | |